

“Hinihingi ng payak na hustisya na ang mga pampublikong pondo, kung saan ang lahat ng mga nagbabayad ng buwis mula sa lahat ng lahi [kulay, at bansang pinagmumulan] ay nag-aambag, ay di gugugulin sa anumang pamamaraang naghihikayat, nagpapanatili, nagsusubsidiya o nagreresulta sa diskriminasyon batay sa lahi [kulay o bansang pinagmulan]

Pangulong John F. Kennedy nag-uudyok sa pagsasabatas ng Pamagat VI noong 1963

Kung kailangan ninyo ang impormasyong ito sa ibang wika, makipag-ugnay sa 202-962-2582.

Si mas información es necesario en otro idioma, por favor de contactar 202-962-2582.

Si vous désirez recevoir ces informations

Nếu cần thông tin này bằng một ngôn ngữ khác, xin liên lạc 202-962-2582.

영어 이외의 외국어 설명이 필요하시면, 전화 202-962-2582 로 연락주세요.

ይህን መረጃ በሌላ ቋንቋ ከፈለጉ በ 202-962-2582 ይደውሉ



Washington Metropolitan
Area Transit Authority

Tagapag-ugnay para sa Pamagat VI at
Tulong kaugnay sa Wika
Tanggapan ng mga Karapatang Sibil
600 Fifth Street, NW, 7G
Washington, DC 20001
202-962-2582
Fax: 202-962-2471
email: title.vi.complaint@wmata.com
Para sa pangkalahatang impormasyon
tungkol sa Metro,
mangyaring bumisita sa wmata.com
o tumawag sa 202-637-7000 (TTY 202-638-
3780).

METRO

english

PAMAGAT VI Paunawa sa Publiko



Title VI and Language Assistance Coordinator

Tagapag-ugnay para sa Pamagat VI at
Tulong kaugnay sa Wika
Tanggapan ng mga Karapatang Sibil
600 Fifth Street, NW, 7G
Washington, DC 20001
202-962-2582
Fax: 202-962-2471

Para sa tulong sa pagsakay ng Metrobus, Metrorail
at MetroAccess sa inyong wika, tumawag sa



Washington Metropolitan Area Transit Authority

Pamagat VI Paunawa para sa Publiko

Ang pulyetong ito ay dinisenyo upang tulungan kayo upang maintindihan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng Pamagat VI ng Civil Rights Act (CRA) ng 1964. Ang Pamagat VI ay ang batas pederal na nagbibigay ng proteksyon sa mga indibidwal at grupo laban sa diskriminasyon batay sa kanilang lahi, kulay o bansang pinagmulan sa pamamagitan ng mga programang tumatanggap ng pederal na tulong pananalapi.

Ang Pahayag ng Polisiya ng Metro Hinggil sa Pamagat VI

Naninindigan ang Washington Metropolitan Area Transit Authority (Metro) na siguruhing walang tao ang maipupuwera sa pagsali sa o matanggihan ng mga benepisyo ng kanyang mga serbisyo o sa ibang paraan ay maipasailalim sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, tulad ng itinakda ng Pamagat VI ng Civil Rights Act (CRA) ng 1964, na may mga susog.

Tungo dito, layunin ng Metro ang:

1. Siguruhin na ang antas at kalidad ng serbisyong pantransportasyon ay ipagkakaloob nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay o bansang pinagmulan.
2. Kilalanin at tutugunan, hanggang naaangkop, ang di-pantay at salungat na epeko sa pantaong kalusugan at kapaligiran, kasama ang mga pansosyal at pang-ekonomiyang epekto ng mga programa at gawain sa mga minoryang populasyon at mga populasyong mababa ang kita.
3. Itaguyod ang buo at patas na paglahok ng lahat ng apektadong populasyon sa paggawa ng desisyon sa transportasyon.
4. Iwasan na mapagkaitan, mabawasan o maantala ang mga benepisyong kaunay ng mga programa at gawaing nagbebenepisyo sa minoryang populasyon o mga populasyong mababa ang kita.
5. Siguruhin ang makahulugang pagkaabot ng mga programa at gawain ng mga taong limitado ang kakayahang sa Ingles.

Nakikibahagi sa responsibilidad ng pagpapatupad ng panindigan ng Metro sa Pamagat VI ang general manager, nakatataas na pamamahala, mga superbisor at kawani. Ang Pamagat VI/tagapag-ugnay hinggil sa Tulong kaugnay sa Wika ay ang siyang may kapanagutan sa pang-araw-araw na operasyon ng programa. Ang mga tauhan ng Civil Rights ang tumatanggap at nagsisiyasat ng mga reklamo hinggil sa Pamagat VI na naitatala mula sa proseso hinggil sa mga kaparaanan ng reklamo.

Ang Pahayag ng Polisiya ng Metro Hinggil sa Limitadong Kasanayan sa Ingles

Dapat gumawa ng makatwirang mga hakbang ang mga tumatanggap mula sa Federal Transit Administration upang masiguro ang makahulugang pakinabang sa mga benepisyo, serbisyo, impormasyon at iba pang mahahalagang bahagi ng kanilang mga programa at gawain para sa mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles. Tungo dito, nabuo ng Metro ang isang Plano para sa Tulong Pangwika para sa mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles. Kapag hiniling, binibigay ang libreng tulong sa wika upang tulungan sila sa pagsakay sa Metrobus, Metrorail at MetroAccess. Nagbibigay ito ng mga interpretasyong serbisyo na pantelepono para sa higit 100 na mga wika at napapakinabangan sa pamamagitan ng pagtawag sa Office of Customer Service ng Metro sa 202-637-7000 (TTY: 202-638-3780). Ang mga oras para sa serbisyong kostumer ay Lunes - Biyernes mula 6 n.u. hanggang 8:30 n.g. at Sabado at Linggo mula 7 n.u. hanggang 8:30 n.g. Nagbibigay ng tulong sa sinulat na wika sa wmata.com.

Sino ang Maaring Maghain ng isang Reklamo sa ilalim ng Pamagat VI?

Kung kayo ay naniniwala na kayo ay nakararanas ng diskriminasyon sa ilalim ng Pamagat VI batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, kayo ay maaring maghain ng isang Pamagat VI na reklamo sa Metro. Iminumungkahi na maghain kayo ng reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng ipinaratag diskriminasyon.

Dapat mapabilang sa nakasulat, nilagdaang reklamo ang:

- Inyong pangalan, tirahan, email address at numero ng telepono
- Paano, bakit at kailan sa inyong paniwala kayo diniskriminahan. Maglakip ng maraming partikular, detalyadong impormasyon hangga't maaari
- Ang mga pangalan, kung kilala, ng mga taong inyong pinaparatangan na nagdiskrimina laban sa inyo
- Ang mga pangalan, kung kilala, ng sinumang mga taong maaaring makaugnayan ng Metro upang suportahan o linawin ang inyong mga paratang
- Inyong lagda

Makukuha ang isang printable na pormularyo ng Pamagat VI na reklamo sa wmata.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa 202-962-2582.

Ang lahat ng mga reklamo ay iimbestigahan nang maagap. Oras na natanggap, ang reklamo ay ipapasa sa isang imbestigador. Batay sa pagtanggap ng lahat ng kinakailangang impormasyon, karaniwang natatapos ng Office of Civil Rights ang isang pagsisiyasat ng Pamagat VI na reklamo sa loob ng 90 araw matapos matanggap ito. Ang pagtanggap ng karagdagang nauugnay na impormasyon ay maaaring magpatagal ng kapasyahan ng reklamo.

Kung ang nagreklamo ay hindi nasiyahan sa kapasyahan, may proseso ng apela na maaring mapakinabangan. Ang isang kahilingan sa pag-aapela ay kailangang isampa, nakasulat, sa loob ng 10 araw sa kalendaryo mula sa paunang abiso ng kapasyahan ng reklamo. Dapat kasama sa nakasulat na apela ang pangalan, tirahan at numero ng telepono ng kostumer. Inirerekomenda ang isang salaysay ng (mga) rason kung bakit naniniwala ang nagreklamo na hindi tama ang kapasyahan ng paunang pagsisiyasat.

Ang direktor ng Civil Rights ang gagawa ng pinakahuling kapasyahan at mag-aapropa ng pinakahuling sagot sa nagreklamo, kasama ang pag-aabiso sa nagreklamo tungkol sa kanyang karapatang maghain ng external na reklamo.